



### Victoria Day 2021 sa Brampton sa panahon ng pandemya ng COVID-19

BRAMPTON, ON (Mayo 19, 2021) – Ang mahabang weekend sa Victoria Day ay narito na! Magaganap ang Victoria Day sa Lunes, Mayo 24.

Ang lahat ng mahalaga at kritikal na mga serbisyo, kabilang ang mga Serbisyo sa Sunog at Emergency, mga Serbisyo sa Trapiko, By-Law Enforcement, Road Operations, at Security Services ay patuloy na mag-operate tulad ng dati para suportahan ang komunidad.

Ang mga residente ay pwedeng tumawag sa 311 o 905.874.2000 (sa labas ng Brampton), gamitin ang Brampton 311 app (makukuha sa App Store o Google Play), bisitahin ang [www.311brampton.ca](http://www.311brampton.ca) o mag-email sa [311@brampton.ca](mailto:311@brampton.ca) para sa anumang mga tanong, Available kami 24/7 para sa anumang mga usapin sa Lungsod ng Brampton o Rehiyon ng Peel. Para sa mga tanong kaugnay sa COVID-19, bisitahin ang [www.brampton.ca/COVID19](http://www.brampton.ca/COVID19).

#### Kaligtasan sa Fireworks

Ang Victoria Day ay isa sa apat na mga holiday bawat taon kung kailan pinapayagan ang short-range fireworks sa pribadong ari-arian, nang hindi na kailangan ang permit, sa Brampton. Sa ilalim ng ordinansa, pinapayagan din ang fireworks sa Canada Day, Diwali, at sa Bisperas ng Bagong Taon.

Pinapayagan ang short-range fireworks na naaayon sa Ordinansa sa Fireworks. Ang mga short-range fireworks ay ang mga fireworks na hindi aabot sa tatlong metro (10 metro) kapag pinaputok (hal. fountains, wheels, ground spinners, sparklers). Hindi pinapayagan sa Brampton ang lahat ng iba pang rocket-style fireworks. Pinaalalahanan ng Lungsod ang mga residente na hindi pinapayagan ang fireworks sa kalye, mga bangketa, sa loob ng mga parke ng Lungsod, o sa iba pang mga ari-arian ng munisipyo o paaralan.

Kapag gumagamit ng short-range fireworks sa pribadong ari-arian, kailangang sundin ng mga residente ang mga pangkaligtasang pag-iingat na ito:

- Maghanda ng sisidlan ng tubig o isang hose line na puno ng tubig para apulain ang fireworks.
- Huwag sindihan ang firework o hawakan ang sinindihang firework sa inyong kamay, maliban ang isang sparkler.
- Huwag na huwag itapon o i-asinta ang fireworks sa ibang mga tao.
- Matapos gamitin ang sparklers, ilagay ang mga ito sa isang sisidlan ng tubig para ganap na lumamig bago itapon.
- Hayaang ganap na lumamig ang lahat ng fireworks bago itapon.

Bawat taon, ang mga fireworks vendor ay kinakailangang sumailalim sa pagsasanay ng Lungsod bago sila mabigyang lisensya na magbenta ng fireworks. Nag-alok ang Lungsod ng online na pagsasanay sa mga vendor. Walang lisensya sa fireworks ang inisyu para sa Victoria Day. Kung makakita ang mga residente ng fireworks na ibinibenta sa mga tindahan o saanman sa Brampton, hinihiling sila na isumbong ang mga ito sa Service Brampton sa pamamagitan ng Brampton 311 mobile app, [online](#), o sa pamamagitan ng pagtawag sa 311.

#### Brampton Transit



Tatakbo ang Brampton Transit sa iskedyul sa Linggo/Holiday sa Victoria Day, na may ilang kanseladong mga ruta. Maglilingkod ang sumusunod na mga ruta:

- 501 Züm Queen
- 502 Züm Main
- 505 Züm Bovaird
- 511 Züm Steeles
- 1 Queen
- 2 Main
- 3 McLaughlin
- 4 Chinguacousy
- 5 Bovaird
- 7 Kennedy
- 8 Centre
- 11 Steeles
- 14 Torbram
- 15 Bramalea
- 18 Dixie
- 23 Sandalwood
- 29 Williams
- 30 Airport Rd.
- 35 Clarkway
- 50 Gore Rd.
- 52 McMurphy
- 53 Ray Lawson
- 56 Kingknoll
- 57 Charolais
- 115 Pearson Airport Express

Ang mga Counter ng Customer Service sa mga Terminal ay sarado sa Victoria Day. Pwedeng makatulong ang Contact Centre mula sa 9 am hanggang 6 pm sa Victoria Day. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Contact Centre sa 905.874.2999 o bisitahin ang [www.bramptontransit.com](http://www.bramptontransit.com).

Ang dinagdagang iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay nananatiling ginagawa. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na ibabaw, mga compartment at upuan ng operator kada 48 oras. Ang karamihan sa mga bus ay kasalukuyang sina-sanitize kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga ibabaw ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw.

Hinihikayat ng Lungsod ang mga rider na magpatuloy sa paglayo mula sa iba sa mga terminal, at sa mga bus stop, kahit na nagsusuot ng mask, hangga't maaari. Pinaalalahanan din ang mga rider na magdala ng kanilang sariling personal disinfectant kapag nagbibiyaha, tulad ng hand sanitizer o wipes, hugasan nang madalas ang kanilang mga kamay, at umubo o bumahin sa kanilang siko. Kung maysakit, pakiiwasan ang pagsakay sa transit, magpasuri sa pinakamalapit na COVID-19 assessment site at sundin ang mga tagubilin ng public health.



# BRAMPTON

## Service and Information Update

Bisitahin ang [www.brampton.ca/COVID19](http://www.brampton.ca/COVID19) para sa regular na mga update at bisitahin ang [www.bramptontransit.com](http://www.bramptontransit.com) o sundan ang [@bramptontransit](https://twitter.com/bramptontransit) sa Twitter para sa mga update sa serbisyo. Maaaring ipaabot ang mga tanong sa Contact Centre ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

### Mga Parke sa Brampton

Ang lahat ng trail, lugar-palaruan, at mga parke sa Brampton, kabilang ang mga parke ng mga asong walang tali, ay bukas para sa Victoria Day. Mahalaga ang pisikal na aktibidad para sa kalusugan at kabutihan ng lahat – kung bibisita kayo sa mga parke sa Brampton sa weekend na ito, pakitandaan na panatilihin ang 2 metrong distansya mula sa mga taong hindi kasama sa inyong sambahayan at magsuot ng mask kung ito ay mahirap gawin. Bisitahin ang [www.brampton.ca/parks](http://www.brampton.ca/parks) para tuklasin ang ating mga parke at mga trail.

### Paglilibang sa Brampton

#### Paqlilibang sa Bahay

Manatiling aktibo at abala sa bahay gamit ang online fitness at craft tutorials! Subukan ang isang kumpletong body circuit, alamin kung paano gumawa ng origami hearts, mag-praktis sa inyong calligraphy skills, at mas marami pa. Mag-access sa sari-saring mga aktibidad sa Rec At Home sa [www.brampton.ca/recathome](http://www.brampton.ca/recathome).

Pansamantalang sarado ang mga Sentrong Panlibangan ng Lungsod ng Brampton at suspendido ang mga programang panlibangan na personal na pinangunahan ng instructor at ang mga serbisyo bilang tugon sa panlalawigang pamamaraan ng pag-lockdown dahil sa COVID-19. Para sa impormasyon sa birtwal at outdoor na panlibangang mga programa at serbisyo, bisitahin ang [www.brampton.ca/recreation](http://www.brampton.ca/recreation).

### Brampton Library

Ang lahat ng [lokasyon ng Curbside Pickup locations](#) ng Brampton Library ay mananatiling sarado sa Victoria Day.

Bisitahin ang [website ng Brampton Library](#) anumang oras para tuklasin ang ating Digital Library. Dito, magkakaroon ka ng access sa digital eBooks, eAudiobooks, TV at Movie streaming, online learning, arts at crafts, at mas marami pa, lahat libre gamit ang iyong library card. [Para makakuha ng isang Brampton Library card, paki-click dito](#). Mag-enjoy sa flexible na pagbabalik sa iyong hiniram na mga basahin sa pamamagitan ng 24-oras na external drop boxes sa lahat ng sangay. Mag-register at planuhin ang pagdalo sa aming mga birtwal na programa sa [Kalendaryo ng mga Kaganapan](#) at mag-enjoy sa mga video kabilang ang lingguhang mga birtwal na oras ng pagkukwento sa [Brampton Library YouTube page](#).

Manatili tayong konektado! [Mag-subscribe sa aming email updates](#) at sundan kami sa [Facebook](#), [Twitter](#), at [Instagram](#).

### Mga Serbisyo sa Hayop sa Brampton

Ang Brampton Animal Shelter ay sarado sa Victoria Day.



Ang Animal Control ay nasa daan Lunes hanggang Biyernes mula 7 am hanggang 10 pm, at sa Sabado, Linggo at mga holiday mula 8 am hanggang 6:30 pm, at tutugon sa mga sumusunod na tawag lamang:

- Pagkuha sa may sakit/nasaktan/agresibong pambahay na hayop at mga hayop-gubat
- Agresibong hayop
- Tumakbong aso na hindi pa natagpuan
- Imbestigasyon sa kagat ng aso
- Pagkuha sa naka-confine na asong-gala
- Pagkuha sa patay na hayop

Sa labas ng mga oras na ito, ang Animal Control ay tutugon lamang sa mga emergency.

### **Mga Paalala ng Peel Public Health para sa Weekend ng Victoria Day**

Simula sa Huwebes, Mayo 20 sa 9 am, ang mga indibidwal na edad 12+ na naninirahan, nagtatrabaho o pumapasok sa paaralan sa Peel ay kaparapat-dapat mag-book ng appointment sa Rehiyon ng Peel. Tinatanggap ang mga booking para sa mga indibidwal na 12 taong gulang at mas matanda sa panahon ng pagbabakuna. Ang Pfizer sa kasalukuyan ay ang tanging bakuna na awtorisado ng Health Canada para gamitin sa pangkat ng edad na ito. Maaaring i-book ang mga bakuna sa website ng Rehiyon ng Peel dito: [www.peelregion.ca/coronavirus/vaccine/book-appointment/](http://www.peelregion.ca/coronavirus/vaccine/book-appointment/)

Alagaan ang isa't isa sa loob ng mahabang weekend sa pamamagitan ng pakikipagtipon-tipon lamang sa mga taong kasama mong naninirahan sa iisang bahay.

Kahit na nagpapatuloy ang pagbabakuna, kailangang tandaan natin na nangangailangan ng panahon para mabawasan ang bilang ng mga kaso para luluwang ang mga pamamaraan ng ating public health.

Ang pagsunod sa payo ng public health ay nananatiling pinakamagandang depensa natin. Para sa kapamilya at mga kaibigan na hindi kasamang nakatira sa iisang bahay, kumuha ng mga litrato at isaayos ang mga birtwal na tawag para manatiling konektado at mapanatili ang paglayo mula sa iba.

#### **KONTAK NG MEDIA NG LUNGSOD NG BRAMPTON**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton

#### **KONTAK NG MEDIA NG REHIYON NG PEEL**

Ashleigh Hawkins  
Communications Specialist – Public Health  
Region of Peel  
416.818.4421 | [ashleigh.hawkins@peelregion.ca](mailto:ashleigh.hawkins@peelregion.ca)  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)



## Service and Information Update

-30-